



MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 411, s. 2008

SEP 04 2008

PAMBANSANG PAGPUPULONG NG MGA PANREHIYONG TAGAMASID
SA FILIPINO SA ANTAS SEKONDARI

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon

1. Ang Sangay ng Pagpapaunlad ng Kurikulum, Kawanihan ng Edukasyong Sekondari (CDD, BSE), Kagawaran ng Edukasyon (DepED) ay magsasagawa ng isang araw na "Pambansang Pagpupulong ng mga Panrehiyong Tagamasid sa Filipino sa Antas Sekondari" sa Setyembre 8, 2008 na gaganapin sa BSE Conference Room, DepED Complex, Lungsod ng Pasig mula ikawalo ng umaga hanggang ikalima ng hapon (8:00 a.m. – 5:00 p.m.).
2. Ang layunin ng pagpupulong ay ang mga sumusunod:
 - a. talakayin ang isinaayos na mga panlahat at tiyak na kasanayang pampagkatuto sa 2002 BEC-Filipino sa antas sekondari;
 - b. pag-uulat tungkol sa katatapos na pambansang seminar-worksyap sa mga makabagong kalakaran sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino; at
 - c. talakayin ang mga alituntunin at pamantayan ng nalalapit na pambansang balagtas.
3. Ang mga kalahok ng nasabing pambansang pagpupulong ay ang mga panrehiyong tagamasid sa Filipino sa antas sekondari sa labimpitong rehiyon (17 regions) at ang mga espesyalista sa asignaturang Filipino ng Kawanihan ng Edukasyong Sekondari.
4. Ang pamasaha ng mga kalahok mula sa kanilang rehiyon hanggang sa lugar na pagdarausan ng pagpupulong ay manggagaling sa pondong lokal at ang pagkain at tirahan naman ay mula sa pondo ng Kawanihan ng Edukasyong Sekondari na dapat sumailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.
5. Para sa karagdagang impormasyon, maaring tumawag kay Gng. Evangeline C. Calinisan, Sangay ng Pagpapaunlad ng Kurikulum, Kawanihan ng Edukasyong Sekondari sa tel. blg. (02) 632-7746.
6. Hinihiling ang maaga, malawakan at dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.


JESLI A. LAPUS
Kalihim

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Sanggunian: Wala
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

CURRICULUM

SEMINARS

WORKSHOPS

Sally: pambansang pagpupulong sa Filipino sa antas sekondari - Agosto 14, 2008